

Mga Pinagmulan

MGA CREDIT BUREAU

May karapatan ka sa isang libreng kopya ng iyong credit report kung naging biktima ka ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, na-deny para sa credit, nakatanggap ng mga welfare benefit, o walang trabaho.

Makipag-ugnayan sa isa sa mga sumusunod na mga credit agency o bisitahin ang www.annualcreditreport.com

[Equifax](http://www.equifax.com) www.equifax.com

P.O. Box 740241, Atlanta, Georgia 30374-0241

- Upang mag-order ng iyong credit report, tumawag sa (800) 685-1111
- Upang mag-ulat ng pandaraya, tumawag sa (800) 525-6285

[Experian \(dating TRW\)](http://www.experian.com) www.experian.com

P.O. Box 949, Allen, Texas 75013-0949

- Upang mag-order ng iyong credit report, tumawag sa (888) 397-3742
- Upang mag-ulat ng pandaraya, tumawag sa (888) 397-3742

[Trans Union](http://www.transunion.com) www.transunion.com

P.O. Box 390, Springfield, Pennsylvania 19064-0390

- Upang mag-order ng iyong credit report, tumawag sa (800) 916-8800
- Upang mag-ulat ng pandaraya, tumawag sa (800) 680-7289

FEDERAL AGENCIES

[Federal Trade Commission](http://www.ftc.gov) www.ftc.gov

600 Pennsylvania Ave, NW, Washington, DC 20580

- Upang mag-ulat ng pandaraya, tumawag sa (877) 438-4338

[Social Security Administration](http://www.ssa.gov) www.ssa.gov

- Upang mag-ulat ng pandaraya, tumawag sa (800) 269-0271

[United States Postal Service](http://www.usps.gov) www.usps.gov

- Mag-ulat ng pagnanakaw ng sulat sa Postal Inspector

Ang iyong Long Beach Police Department case number ay:

Itala ang case number na ito sa iyong folder ng detalyadong kasaysayan at i-reference ito kapag nakipag-ugnayan ka sa anumang ahensiyang nagpapatupad ng negosyo o batas tungkol sa ulat na ito. Depende sa lokasyon (nasasakupan) kung saan naganap ang krimen (mga kalakal o serbisyong nakuha o inihatid), maaari o maaaring hindi maitalaga ang isang LBPD investigator sa kasong ito. Maaaring ilipat ang kasong ito sa ibang ahensiyang nagpapatupad ng batas kung naganap ang krimen sa ibang nasasakupan.

MGA TALA:

**Long Beach Police Department
Identity Theft Detail
400 West Broadway Avenue Long
Beach, CA 90802**

Upang mag-file ng isang ulat, tumawag sa:

Main Station: (562) 570-7312

Identity Theft Detail Main
Line: (562) 570-7602

www.longbeach.gov/police/



PAGNANAKAW NG PAGKAKAKILANLAN

Ang Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan ay ang pinakamabilis na lumagong krimen sa Estados Unidos. Identity. Ang kawalan na may kaugnayan sa Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan ay tinatayang nasa \$50 bilyon noong 2005. Kabilang sa Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan ang pagkuha ng mga pangunahing bahagi ng impormasyong pagkilala ng isang tao, tulad ng pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan at social security number, upang ma-impersonate sila. Binibigyan nito ang magnanakaw ng pagkakakilanlan ng daang makagawa ng maraming uri ng pandaraya. Iniuulat ng Federal Trade Commission na ang isa sa bawat apat na tao ay magiging biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan.



**Long Beach Police Department
Identity Theft Detail
400 West Broadway Avenue
Long Beach, CA 90802**

MGA TIP UPANG MAKAIWAS

SULAT

- Kumuha ng isang mailbox na naikakandado at alisin agad ang sulat pagkatapos madala.
- Ilagak ang palabas na sulat sa mga post office collection mailbox o sa iyong lokal na post office. Huwag mag-iwan ng sulat sa mga hindi secured na lagayan ng sulat.

PERSONAL NA IMPORMASYON

- Huwag ibigay kailanman ang personal na impormasyon tulad ng iyong social security number, petsa ng kapanganakan, pangalan sa pagkadalaga ng ina, credit card number o PIN code ng bangko sa telepono maliban kung ikaw ang tumawag.
- Tandaan ang iyong social security number at lahat ng iyong mga password. Huwag itala ang mga ito sa anumang card o sa alinman sa iyong pitaka.
- Mag-ingat sa mga solicitation sa teleponong nagpapanggap bilang mga promo na nag-aalok ng agarang premyo o gantimpalang idinisenyo para lamang makuha ang iyong personal na impormasyon sa pagkilala.
- Mag-ingat kung nagbibigay ng mga checking account number, credit card number, o iba pang personal na datos pinansyal online maliban kung makatanggap ka ng isang secured na authentication key mula sa iyong provider.
- Mag-ingat sa anumang unsolicited email o text message na humihingi sa iyong mag-click sa isang link at i-update ang iyong personal na impormasyon. Ang mga lehitimong kompanya ay hindi hihingi sa iyong gawin ito.

MGA CREDIT CARD AT ACCOUNT STATEMENT

- I-ulat agad ang lahat ng nawala o ninakaw na credit card.
- Tanggala ng mga sobrang credit card ang iyong pitaka at kanselahin ang hindi mo ginagamit.
- I-order ang iyong ulat ng credit mula sa tatlong credit bureau minsan sa isang taon para masuri laban sa mapanlinlang na aktibidad.

MGA TIP UPANG MAKAIWAS

- Huwag mag-iwan kahit kailan ng mga resibo sa mga bank machine, bank counter, basurahan o mga gasolinahan.
- Pirmahan agad sa likod ang lahat ng mga bagong credit card.
- Itabi ang lahat ng mga resibo ng credit card at itugma ang mga ito sa iyong buwanang bill.
- Punitin ang mga pre-approved na credit application, resibo ng credit card, bill at iba pang impormasyong pinansyal bago itapon ang mga ito.
- Alamin kung kailan dapat asahan ang mga financial statement. Kapag hindi dumating ang mga ito, makipag-ugnayan sa sender.
- Ipaalam sa iyong kumpanya ng credit card at bangko kung nagpalit ka ng iyong tirahan o telepono.
- Huwag kailanman ilagay ang iyong credit card o iba pang financial account number sa isang postcard o sa labas ng anumang sobre.
- Kung may inaasahan kang bagong credit card at hindi ito dumating sa tamang panahon, makipag-ugnayan sa kasangkot na bangko o kompanya ng credit card.

Kung may natanggap kang bill mula sa isang creditor o collection agency, at hindi mo ginawa ang mga charge, maaaring biktima ka ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan. Karagdagan sa pakikipag-ugnayan sa Police Department, magpadala ng isang Courtesy Notice sa alinman sa creditor o sa collection agency.

PAG-UULAT NG IMPORMASYON

KUNG BIKTIMA KA NG PAGNANAKAW NG PAGKAKAKILANLAN

- Mag-set up ng isang folder upang magtago ng detalyadong kasaysayan ng krimen.
- Magtago ng isang tala ng lahat ng iyong mga contact at gumawa ng mga kopya ng lahat ng mga dokumento.
- Makipag-ugnayan sa lahat ng mga creditor, sa pamamagitan ng telepono at sa sulat upang ipaalam sa kanila ang tungkol sa problema.
- Tawagan ang alinman sa tatlong credit bureau fraud department upang i-ulat ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Humiling na maglagay ng isang pahayag ng Fraud Alert/Victim Impact sa iyong credit file na humihingi sa iyong mga creditor na tawagan ka bago magbukas ng anumang bagong account.
- Humiling ng isang kopya ng iyong credit report.
- I-ulat ang krimen sa iyong local na ahensiyang nagpapatupad ng batas sa loob ng sinasakupan kung saan ka naninirahan. Bigyan sila ng maraming dokumentadong ebidensya hangga't maaari.
- Kung ginagamit ang iyong Social Security Number, makipag-ugnayan sa iyong Social Security Administration's Fraud Hotline sa (800) 269-0271.
- Makipag-ugnayan sa Department of Motor Vehicles upang makita kung may isa pang lisensyang in-issue sa pangalan mo. Kung gayon, humiling ng isang bagong license number at punan ang form ng reklamo ng DMV upang simulan ang proseso ng imbestigasyon.
- Kung napagkamalan ka bilang kriminal, may Identity Theft Registry ang California Department of Justice. I-ulat ito sa State Department of Justice sa (888) 880-0240 (24 oras bawat araw) o sa www.ag.ca.gov/idtheft/general.htm
- I-alerto ang iyong mga banko upang i-flag ang iyong mga account at makipag-ugnayan sa iyo upang kumpirmahin ang anumang di-pangkaraniwang aktibidad. Humiling ng isang pagpalit sa PIN at isang bagong password.